

Itinatag ng Artikulo 15 ng Public Works
Code at Public Works Order No. 211614
ang mga alituntunin para sa Love Our
Neighborhoods na Programa.



San Francisco Public Works

Permitting

49 South Van Ness Ave., Suite 300
San Francisco, CA 94103
Phone: (628) 271-2000

Para sa karagdagang impormasyon o
upang mag-iskedyul ng pulong o
presentasyon sa komunidad, mangyaring
makipag-ugnay sa amin sa
LoveOurNeighborhoods@sfdpw.org.
Susubukan naming tumugon sa loob
ng tatlong araw ng negosyo.



Makipag-ugnay sa 311
para sa mga kahilingan sa serbisyo



Printed on 30% post-consumer recycled stock

MAHALIN ANG ATING MGA KAPITBAHAYAN NA PROGRAMA

Pagbibigay ng pahintulot at pagpaparehistro
ng mga proyektong pinamumunuan ng
komunidad sa pampublikong daanan



www.sfpublicworks.org/loveourneighborhoods



ANO ANG LOVE OUR NEIGHBORHOODS NA PROGRAMA?

Ang permit programang ito ay magtatatag ng mas madali, mas simpleng paraan na bumuo, lumikha at mag-install ng mga proyekto na nagpapabuti sa mga pampublikong espasyo sa kapitbahayan na kanilang tinatawag na tirahan.

Ang pagsisikap na ito na pinangunahan ng Public Works ay pinagsasama ang pagaaring yaman at kadalubhasaan ng maraming departamento ng Lungsod upang lumikha ng isang proseso ng pagkuha ng permit na simple, epektibong-gastos, at malinaw mula simula hanggang katapusan.

Ang Love Our Neighborhoods na permit ay nalalapat sa mga proyekto para sa pampublikong benepisyo na matatagpuan sa mga bahagi ng pampublikong daan na nasa ilalim ng hurisdiksyon ng Public Works.

Ano ang pampublikong karapatan sa daan? Ito ay ang mga bangketa, retaining walls, kalagitnaan, tulay at iba pang piling bahagi ng lupa na napapaligiran ng pribadong ari-arian. Ang Public Works ang tagapangalaga ng pampublikong karapatan sa daan at tinitiyak naming ito ay ligtas, maganda at magagamit ng lahat.



MGA URI NG PROYEKTO

Ang mga proyekto ng Love Our Neighborhoods ay nahahati sa tatlong antas batay sa kanilang uri at kumplikasyon.

ANTAS 1

- Mga upuan, Maliit na mga Aklatan at mga paso na matatagpuan sa harap ng isang pribadong ari-arian.
- Ang sinumang may-ari ng ari-arian o ang kanilang awtorisadong ahente ay maaaring magrehistro ng Antas 1 na proyekto nang libre para sa kanilang ari-arian.
- Proseso ng sariling sertipikasyon upang tiyakin na ang mga makatuwirang regulasyon ng programang Love Our Neighborhoods ay sinusunod.

ANTAS 2

- Karamihan sa mga pandekorasyon na hagdan, mga plakang paggunita, mural, mga ilaw na hindi bumabagtas sa daan at mga maliit na proyekto sa tanawin.
- Ang aplikante ay dapat isang itinatag na organisasyon ng komunidad, isang nonprofit, distrito ng benepisyo sa komunidad o asosasyon ng mga negosyante.

ANTAS 3

- Ang mga ilaw na nakasabit sa kalye sa isang komersyal na pasilyo, ilang pandekorasyong hagdan, pagkakagawa ng mga bagong hagdan o mga retaining wall, mga eskultura, mga fog catcher, ilaw na sukat para sa mga naglalakad, pangunahing imprastruktura ng tanawin at mga disenyo ng iilang pasilidad.
- Ang aplikante ay dapat isang itinatag na organisasyon ng komunidad, isang nonprofit, distrito ng benepisyo sa komunidad o asosasyon ng mga negosyante.

PAANO AKO MAGSISIMULA?

- Isipin kung paano mo nais mapabuti o pagandahin ang mga pampublikong espasyo ng iyong komunidad.
- Bumisita sa mga katulad na proyekto sa lahat ng parte ng San Francisco para sa inspirasyon.
- Ikaw ba ay bahagi ng isang asosasyon ng komunidad, asosasyon ng mga negosyante, distrito ng benepisyo sa komunidad, nonprofit o iba pang grupo sa komunidad? Imbitahan mo kaming magpresenta sa isang darating na pagpupulong!
- Bago sumubok kumuha ng pondo o materyales, mangyaring suriin kung ang iyong proyekto at ang iminungkahing lokasyon nito ay karapat-dapat na pahintulutan sa pamamagitan ng programang ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pahina ng proyekto sa aming website o makipag-ugnayan nang direkta sa Public Works sa LoveOurNeighborhoods@sfdpw.org

PAGPOPONDO AT MGA BABAYARIN NG PROYEKTO

Ang mga aplikante ay responsable na kumuha ng pondo para sa lahat ng mga Love Our Neighborhoods na proyekto. Maaaring manggaling ang pondo mula sa mga kapitbahay, negosyo, asosasyon ng komunidad, pribadong pundasyon, pampublikong pinagmulan o mga grant.

Ang mga proyekto ng Antas 2 at Antas 3 ay napapailalim sa isang beses na katamtamang bayad para sa Public Works na aplikasyon, at saka ang bayad para sa Board of Appeals. Maaaring ito ay napapailalim sa karagdagang pagsusuri, pag-apruba o bayarin mula sa iba pang mga departamento ng Lungsod depende sa kanilang mga katangian sa disenyo at lokasyon.

www.sfpublishworks.org/loveourneighborhoods